

## Ilang Repleksiyon sa “Utak Mo May COVID” bilang Sinulti at Ekspresyon sa Social Media /

### *Reflections on “Utak Mo May COVID” as Sinulti and Expression in Social Media*

Mark Anthony S. Angeles  
Unibersidad ng Santo Tomas  
msangeles@ust.edu.ph

Madalas gamitin sa social media ang ekspresyong “utak mo may COVID.” Mayroon itong temporal na dimensiyon, dahil nakatali ito sa pagbansag ng World Health Organization sa sakit na dala ng SARS-CoV-2 bilang COVID-19, noong 11 Pebrero 2020. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang salitang Sebuwano na *sinulti* bilang katumbas ng lingguwistikong terminong *utterance*. Tataluntunin ang pinagmulan nito, bilang deribasyon ng isang ekspresyong tumahak sa ibang direksiyon sa social media. Hihimayin din ang leksikal at semantikong kahulugan ng bawat salita sa ekspresyon, para patunayan kung bakit naging epektibo ang mga ito, sa pagdaan ng maraming taon, bilang isang retorika ng pang-iinsulto. Sa huli, uuugnay ang ekspresyon sa mga katangian at gahum ng wika—kung bakit nagagamit ito para maiangat o maibagsak, kahit sa nibel na simboliko, ang estado sa lipunan ng nagsasalita at pinatutungkulan ng insulto.

**Mga Susing Salita:** *COVID, pandemya, sinulti, ubo, utak*

*Every so often, the expression “utak mo may COVID” is evoked in social media. It has a temporal dimension, because it is latched to the World Health Organization, which issued COVID-19 as the official name of the disease caused by SARS-CoV-2, on 11 February 2020. In this study, the Sebuwano word sinulti was used as an equivalent of the linguistic term utterance. It will also track the source of the expression, as a derivation which took another direction in social media. The lexical and semantic meaning of each word in the expression will also be drawn out, to demonstrate how effective they are, after so many years, as a rhetoric of insult. Finally, it will link the expression to the character and hegemony of language—why it is used to advance or overthrow, even at a symbolical level, the status quo of the speaker and the receiver of the insult.*

**Keywords:** *COVID, pandemic, utterance, cough, brain*

## PANIMULA

Nakapasok na ang Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), na dala ng severe acute respiratory syndrome coronavirus 2 (SARS-CoV-2), sa kamalayang Pilipino, bago pa ito ideklara bilang isang pandemya ng World Health Organization (WHO) noong 11 Marso 2020. Eksaktong isang buwan ito makaraang ianunsiyo ng WHO ang “COVID-19,” bilang tawag sa bagong sakit na dala ng SARS-CoV-2, alinsunod sa International Committee on Taxonomy of Viruses (ICTV), World Organisation for Animal Health (OIE), at Food and Agriculture Organization of the United Nations (FAO).

Pilipinas ang naging isa sa mga barometro ng paglaganap ng COVID. Ang ating bansa ang isa sa mga may pinakamatagal na lockdown sa buong mundo. Matapos na mawalan ng bisa ang anim-na-buwang state of calamity na idineklara ni Pangulong Rodrigo Duterte noong 16 Marso 2020, pinalawig niya ito hanggang 12 Setyembre 2021, sa bisa ng Proklamasyon Bilang 1021.


Bagama’t ilang ulit nang nalathala sa mga pahayagan na maaaring maging “episentro ng COVID” ang Pilipinas, naselyuhan ito nang mapaskil noong 7 Agosto 2020 sa Singapore-based na *The Straits Times* ang “Philippines now a coronavirus epicentre even as it plunges into recession,” isinulat ni Raul Dancel, ang kanilang Philippine correspondent. Ayon sa artikulo, ang Pilipinas ay isa nang episentro ng coronavirus pandemic sa Timog-silangang Asya, habang sumasadsad ito sa panloob na krisis pang-ekonomiya. Samantala, ikaapat ang bansa sa mga may pinakamaraming kaso ng may COVID sa Asya. Noong 1 Oktubre 2020, pumasok ang Pilipinas sa top 20 bansa sa buong mundo na may pinakamaraming nagpositibo sa COVID, sa ika-200 araw na isinailalim sa quarantine ang mga Pilipino.

Kaya hindi na nakapagtata kang bukambibig ng maraming Pilipino ang “COVID.” Ayon sa *Google Trends*, nag-peak ang web search para sa salitang “COVID” sa buong Pilipinas noong 22 hanggang 28 Marso 2020, kung sisipatin mula 11 Pebrero 2020.



**Figura 1:**

Resulta ng *Google Trends* sa Pilipinas, para sa salitang “COVID.”  
Sinimulan ang pagsipat sa petsang 11 Pebrero 2020, kung kailan pinangalanan ng WHO ang sakit na dala ng SARS-CoV-2.



**Figura 2:**

Resulta ng *Google Trends* sa Metro Manila, para sa salitang “COVID.”  
Sinimulan din ang pagsipat sa petsang 11 Pebrero 2020, kung kailan pinangalanan ng WHO ang sakit na dala ng SARS-CoV-2.

Samantala, nag-peak ang “COVID” sa web searches sa Metro Manila mula 15 hanggang 28 Marso 2020.

Bagama’t pababa na ang trend noong 26 Hulyo hanggang 1 Agosto 2020, mula sa huling ruok ng web searches na mas mababa sa kalahati ng inabot nito noong Marso, kapansin-pansin ang pagsibad ng pag-aangkin ng salitang ito ng mga kabataang Pilipino—sa pamamagitan ng paggamit nito bilang bahagi ng ekspresyon sa social media.

## Disenyo at Metodo ng Pananaliksik

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang “utak mo may COVID” bilang inobasyon ng idyoma at ekspresyon ng pang-iinsulto na nakasandig sa patolohiya sa konteksto ng lipunang Pilipino. Tataluntunin nito ang pinag-ugatan ng ekspresyon, gamit ang repleksiyon bilang sandigan. Ayon kay Gonzalo A. Campoamor II, ang repleksiyon ay “kung papaanong naipahihiwatig ang realidad sa pamamagitan ng wika o anumang pormang pangwika” (41).

Hahanguin ang mga datos sa iba’t ibang social media platform. Online ethnography ang paraan ng pagkalap ng mga impormasyon. Paliwanag ni Mariza Georgalou, tinatawag din itong digital ethnography, Internet ethnography, netnography, cyberethnography, at webnography (25). Kasama rito ang virtual ethnography na, ayon kay Christine Hine, “transfers the ethnographic tradition of the researcher as an embodied research instrument to the social spaces of the Internet” (257). Sa paraang ito, tataluntunin sa *Facebook*, *Twitter*, at *YouTube* kung paano gumalaw ang ekspresyon. Hahanapin din ang kahulugan ng bawat salita sa mga lumang diksiyonaryo at akdang pampanitikan, para masuri ang halaga ng idyomang nabanggit sa kultura at kasaysayan ng bayan.

Ilalapat ang discourse analysis bilang balangkas teoretikal na sumusuri sa mga sinulti bilang bahagi ng pakikisalamuha sa lipunan (Schiffrin 419). Ginamit ko ang *sinulti*, isang salitang Sebuwano, dahil sakop nito ang lahat ng salimuot ng terminong *utterances* sa Lingguwistika. Sa *The Concise Oxford Dictionary of Linguistics* (2007), ang *utterance* ay:

Anything spoken on a specific occasion. Often opposed to sentence: e.g. the words ‘Come here!’ spoken by a specific speaker at a specific time, form an utterance which would be an instance

of a sentence *Come here!* Hence **utterance meaning**, as what is meant by an utterance, or is the meaning intended by a speaker, in a specific context on a specific occasion. Distinguished as such from **sentence meaning**, e.g. on the assumption that this is a logical form or semantic representation determined by a grammar. Differentiated further, in one analysis, into ‘utterance-type’ and ‘utterance-token’ meanings: the former being characterized by the ‘semantics’ of the sentence uttered, with the addition of generalized but not particularized conversational implicatures, seen as belonging to pragmatics. (P.H. Matthews 424)

Ang pagtutumbas na ito—pagsasalin at pagdagdag ng kahulugan—ay isa sa mga paraan ng *pagdadahumat-salita*, isang pagtatangkang teoretikal sa paglikha ng bagong salita at katuturan nito. Ginagamit ang wika sa mataas na antas ng pagteteorya, batay sa kritikal at analitikal na paggamit ng mga salitang kumakatawan ng mga idea. Gayundin ng mga kaalamang nagiging konsepto sa malalimang pag-uuri’t paggamit nito. Sa paraang ito, tinitingnan ang ugnayan ng salitang ugat at varyasyon ng mga pagbabanghay ng salita na nagluluwal ng sanga-sangang kahulugan (Nuncio at Morales-Nuncio 167).

Ang *utterance* ay isang segment ng pagpapahayag, o isang lingguwistikong ekspresyon, na humigit-kumulang nagsasarili (*autonomous*). Maaari itong isang anyong-salita (*wordform*), parirala, sugnay, o pangungusap (Mel’čuk 21). Sa ganitong gana, hindi sapat ang mga salitang *pagbigkas*, *pag-imik*, *pagsagot*, *pagsambit*, *pagsasalita/pananalita*, at iba pa. Pinagitaw ng *sinulti*, na higit pa sa “sabi” ang kahulugan ng salitang-ugat (*sulti*), at batay na rin sa mga kahulugang inisa-isa ng *English to Binisaya - Cebuano Dictionary and Thesaurus*, ang katumbas ng *utterance* sa wikang Filipino. Batid ng may-akda na humihingi ito ng isang mas komprehensibong pag-aaral sa panukalang salita, ngunit hayaang talakayin na ito sa isang hiwalay na papel.

Samantala, ang “diskurso,” ayon kina Basil Hatim at Ian Mason, ay mga moda ng pagsasalita at pagsusulat na nakapaloob sa mga pangkat panlipunan sa paghalaw ng isang partikular na pananaw sa mga pook ng gawaing sosyo-kultural (216). Para kay Norman Fairclough, ito ay isang “wikang gamit” (*language in use*) na mamamalas bilang pakikisalamuha sa lipunan (28). Para naman kina Marianne Jørgensen at

Louise Phillips, ito ay isang partikular na paraan ng pagsalita tungkol sa at sa pag-unawa sa mundo (o sa isang aspekto ng mundo). Isa itong pangkalahatang idea na nakaestruktura ang wika, batay sa sari-saring padrong sinusundan ng mga tao sa kanilang *sinulti*, kapag nakikibahagi sila sa iba't ibang dominyo ng pamumuhay panlipunan, gaya ng diskursong medikal at diskursong politikal. Ang discourse analysis ay pagsusuri ng mga padrong ito (“Discourse Analysis as Theory and Method” 1).

Isang uri ng pagsusuri sa lingguwistika ang discourse analysis. Pinag-aaralan nito ang mga katangiang lingguwistiko ng wika. Isa sa mga sinisiyasat nito ang mga semantikong kaugnayang nagtatakda sa pagbubuo ng mga salita. Pag-aaral ng kahulugan ang semantika, ayon kay John Lyons, habang ang lingguwistikong semantika ay maaaring tumukoy sa pag-aaral ng kahulugan ng mga pahiwatig kaugnay ng wika, o sa pag-aaral ng kahulugan sa loob ng lingguwistika (11).

Nasa constant flux (pasinkroniko at padiyakroniko) ang wika, sa isang siklo sa pagitan ng komposisyonal na “maluwag sa pagpili” (open choice) ng mga salita, hanggang sa mga automatiko at “idyomatikong” gamit ng mga buong ekspresyon (Sinclair kay Gledhill 5–6).

Diin ni Edward Finegan, hindi maaaring mabigyan ng kahulugan ang *sinulti* mula sa ekspresyon lamang. Para magagap ang nilalayong kahulugan ng isang ekspresyon, kailangang isaalang-alang ng tumatanggap (tagapakinig o tagapagbasa) ang konteksto nito. Gayon din naman, kapag sinusulti ang isang ekspresyon, ugali na ng nagpapahayag na umasa sa abilidad ng tumatanggap na makuha at makilala ang kanilang mga intensiyon, kapag sinusulti ang isang ekspresyon sa isang partikular na konteksto. Sakop ng “ekspresyon” ang mga salita, parirala, at pangungusap, kasama ang intonasyon at diin. Ang “kahulugan” ay tumutukoy sa mga sense at referent ng mga sangkap ng ekspresyon. Ang “konteksto” naman ay tumutukoy sa sitwasyong panlipunan na sinusulti ang ekspresyon at isinasama ang kung ano man ang naipahayag na sa sitwasyong iyon. Umaasa ito sa pinagsaluhang kaalaman (*shared knowledge*) ng nagpapahayag at tumatanggap. Gramatika ang nag-uugnay sa ekspresyon at kahulugan. Konteksto naman ang nag-uugnay sa gramatika at interpretasyon. Kung hindi isasaalang-alang ang gramatika at konteksto, hindi natin mauunawaan ang wika (“Language: Its Structure and Use” 6).

## Wika at Kultura sa Panahong Digital

Ang pag-aaral ng mga sinulti at ekspresyon ay pag-aaral sa wika. At ang pag-aaral sa wika ay pag-aaral sa kultura. Pinag-aaralan ang paggamit ng wika ayon sa kaangkupan nito sa konteksto ng isang kultura. Sadyang hindi mapaghihiwalay ang wika at kultura, dahil nasa lahat ng aspekto ng kultura ang wika. Produkto ng kultura ang wika, ngunit may natatangi itong tungkulin. Lumilikha at gumagamit ng wika ang mga miyembro ng kultura, para tukuyin at iorganisa ang mga produkto, para isagawa ang kanilang mga pangkulturang gawain, para maging magkaugnay ang mga pamayanan, at para bigyan ng katawagan ang mga nakapailalim na pangkulturang pananaw (Zafra 7, 19).

Maging ang paggamit at pangangailangan sa Internet ay nakatali sa kultura (Ignatius at Hechanova 139). Bukod sa maoobserbahan sa Internet ang pagpapatuloy ng nagbabagong paraan ng pamumuhay ng isang grupo ng tao o pamayanan, pinagsasaluhan din dito ang mga praktika o gawaing nakaugnay sa pinagsasaluhang mga produkto, batay sa pinagsasaluhang mga pananaw sa mundo, at nakalugar sa tiyak na mga panlipunang konteksto (Moran kay Zafra 11).

Maaaring suriin ang tiyak na gamit ng wika sa komunikatibo, impormatibo, at transaksiyonal na mga aspekto sa Internet. Wika ang gamit ng mga indibidwal upang mag-usap at magkaunawaan sa pag-iinternet. Ito rin ang gamit ng mga indibidwal upang intindihin ang mga impormasyong makukuha sa Internet. Sa aspektong transaksiyonal, wika ang gamit ng mga mismong indibidwal sa pagtanggap at pagbibigay ng utos (command) hinggil sa kanilang paggalugad sa mga pasikot-sikot na espasyo sa Internet (Concepcion 95).

Sa panahon ng Web 1.0, ang mga tao ay nagsilbing tagakonsumo ng content na mayroon sa web. Ginamit ang Internet para manood ng mga programang nakaaaliw, mula sa musika, balita, telebisyon, at pelikula. Kakaunti lamang ang mga content creator (Ignatius at Hechanova 136). Ngunit nang lumaon, ginamit na ang Internet para sa pagkalap ng mga impormasyon tungkol sa sari-saring usapin at paksa. Noong 2004, sa Web 2.0, na kilala bilang “user-generated content,” nagbabahagi at nagpapalitan na ng mga opinyon, idea, at iba pang materyal ang mga tao. Nabigyan ng kolektibong karunungan ang mga user para lumikha ng sarili nilang content at mapayabong ang pakikipag-ugnayan sa iba. Ang mga user ay kapuwa tagakonsumo at tagapagbahagi na. Naging

lunan ng sari-saring interaksyon ang mga platform. Kasama na rito ang mga social networking site, gaya ng *Facebook*, blog at micro-blog, content-sharing site, *Wiki*, social bookmarking site, podcast, at discussion forum (136–137).

Mahahati sa pitong kategorya ang paggamit ng Internet ng mga Pilipino: bilang ekspresyon at interaksyon (pagba-blog, pagkakaroon ng websayt, pagbabasa ng websayt at blog ng iba, pagbabahagi ng files, gaya ng mga retrato), mga gawain sa paaralan (pagda-download ng mga e-book, software, e-groups), libangan (panonood ng pelikula, paglalaro, pakikinig ng musika), balita at impormasyon (panonood ng balita, palakasan, at entertainment), e-commerce (pagbili, pagtitinda, pagsusubasta), batayang paggamit sa Internet (paggamit ng email, chat, at search engine), at iyong tinatawag na technology deviance (pagha-hack, pagpapakalat ng virus o maling impormasyon) (139–140).

Sa isang banda, maaari pang suriin ang paggamit ng Internet bilang pagtatakda ng kapitalismo, sa paglikha ng mga produkto at serbisyo bilang panuntunan ng gitnang uring buhay. Sa ating bansa, na mas marami ang mahirap at abang uri, lumilikha ng kaantasan ng akses at kawalan nito sa mga produkto, serbisyo, at teknolohiya. Halimbawa, idinedeklara ng kapitalismo na “Hindi ka tao kung wala kang *Facebook*.” Kung wala ka nito, wala kang indibidwalidad o akses sa mga modalidad ng pagiging gitnang uring tao, dahil isinasaad nito ang kakayahan ng gitnang uri na magkaroon ng virtual na sarili’t indibidwalidad. Binubura nito ang mga abang uri, pinananatiling burado sa gitnang uring karanasan at pagdanas dulot ng teknolohiya (Tolentino 4). Kaya ang paggamit ng mga sinulti at ekspresyon ng sino man ay hindi lamang pagtatanghal ng kakayahang makapag-internet at kaalaman sa mga sinulti at ekspresyon, kundi paggigiit ng inaakalang lugar, bilang status quo, sa pagtatanghal ng kakayahang makapang-insulto ng mga inaakalang nakabababa sa kaniya.

## Idyoma bilang Insulto

Nakatali ang idyomang “utak mo may COVID” sa pandemya, dahil sa elemento ng pagbanggit ng salitang “COVID.”

Nag-viral ang paskil ni Kaysee Gregorio sa kaniyang Facebook page noong 2 Hunyo 2020. Ang paskil na “eh ikaw lang naman tong mahilig makipag kumpetensiya

diba? tapos magagalit ka kapag nalamangan ka? Utak mo may covid” ay umani ng mahigit sa 2.45 libong emoticon reactions, 103 komento, at 5.9 libong shares. Ngunit ginamit na ang idyoma nang mas maaga pa rito. Halimbawa, ang Facebook page na *Seriously?* ay nagpaskil ng “ako may iba? utak mo may covid19” noong 18 Mayo 2020.

Samantala, paulit-ulit na ginamit ang “utak mo may COVID” ng mga nag-retweet ng paskil ni iskolarspeaks sa *Twitter* noong 19 Setyembre 2020, bilang reaksiyon sa isang Pilipinong nag-record ng video ng kaniyang sarili at nang-insulto sa mga taong piniling manatili sa bahay, sa halip na pumunta sa gym, dahil sa COVID. May caption na “Sayang walang workout para sa utak bro” ang ginawang video ng nagpaskil. Sa mga sitwasyong nabanggit, ginamit ang “utak mo may COVID” bilang pan-trashtalk o pang-insulto. Sa loob lamang ng kalahating taon, naging politikal na ang motibo ng paggamit ng ekspresyon.


Ang pang-iinsulto ay isang uri ng pambabargás o paggamit ng “magaspang na pananalita” (*UP Diksiyonaryong Filipino* 102).

Ayon sa *Cambridge Advanced Learner’s Dictionary & Thesaurus*, ang *trash-talk* ay “talk in an insulting way about someone, especially an opponent in a sport.” Para naman sa *Merriam-Webster Dictionary*, ang *trash-talk* ay “disparaging, taunting, or boastful comments especially between opponents trying to intimidate each other.” Una itong ginamit noong 1981.

Sa konteksto ng Pilipinas, ang *trash-talking* ay kaugnay ng *Peenoise*. Ayon sa *Urban Dictionary*, karaniwang mga katangian ng isang online gamer na Pilipino ang mga sumusunod: una, *toxic* o “laging bumubuga ng masasamang salita sa wikang Filipino; nagbabantang guluhin ang laro kung hindi niya makuha ang gusto niya, gaya ng pag-e-AFK (“away from keyboard”), *griefing* (pang-iinis, pang-aasar, o panto-troll sa ibang manlalaro), at pag-aabandona sa laro”; ikalawa, *superiority complex* na “iniisip nilang sila ang pinakamagaling sa lahat sa laro,” at, ikatlo, *pabida* o “gusto niya na laging nasa spotlight; mas pinipili ang magandang stats, kaysa magandang laro.”

Dagdag pa ng “crowdsourced online dictionary” para sa mga salita at pariralang balbal, kilala ang mga online gamer na Pilipino bilang “most cancerous kind of online gamers, even giving reputation to [South-east Asia] as the most toxic region on most popular online games.” (Pansinin sa puntong ito ang paggamit ng “kanser” bilang idyoma sa pang-iinsulto). Sobrang

### Motibong Personal



### Motibong Politikal

**Pigura 3:**

Tatlong buwan mula nang unang lumabas ang salitang “COVID,” ginamit na ito sa ekspresyong pan-trashtalk na may motibong personal. Matapos ang mahigit kalahating taon, nagkaroon na ito ng imaheng politikal.

agresibo rin ang mga Pilipinong manlalaro.

Inaabuso ng mga Peenose ang kanilang mikropono sa pagsigaw, ayon kay Marlon Basilio. Ayon sa blogger ng *Daily Esports*, mga keyboard warrior sila. Ginagawa nilang battle rap ang DOTA 2, isang multiplayer online battle arena (MOBA) video game na sequel ng Defense of the Ancients (DotA) (“7 Most Common Types of Toxic Players in DotA 2 and How to Deal with Them”).

Para kay Basilio, umaaktong battle rapper ang mga Peenose—at sabihin pa, ang mga nagta-trash-talk. Hindi malayong mangyari ito. Ayon kay Mark Grist, isang battle rapper na Briton at lumikha ng dokumentaryong *Mark Grist Battles the World: Philippines*, ang Pilipinas, na kauna-unahang bansa sa Asya na gumawa ng eksena sa battle rap, ang siyang may pinakamalaking eksena nito sa buong mundo.

Hindi maaaring maliitin ang FlipTop Battle League. Umabot na sa mahigit 2.7 milyon ang nag-like ng Facebook page na *FlipTop Battle League* (<https://www.facebook.com/fliptop.battleleague/>). Bukod dito, mahigit 5.6 milyon na ang subscribers ng YouTube account (<http://www.youtube.com/user/FlipTopbattles>) ng nasabing grupo.

Kasama sa mga pang-aliw na katangian ng mga battle rapper na nagtutunggali sa entablado ang husay sa siste (*wit*) at pang-uuyam (*irony/sarcasm*). Gayunman, ang pagiging bargas lamang ng mga battle rapper ang pinulot ng maraming kabataan. Pinuna ito

ni Alaric Riam Yuson AKA Anygma, ang pundador at CEO ng FlipTop at FlipTop Battle League.

Ani Anygma, iniisip ng mga tao na ang mga “battle versus” ay naglalaman lamang ng mga bulgar na salita at mura. Ibinigay niyang halimbawa ang battle rapper na si Batas, dahil siya ang laging itinuturo ng mga kritiko. Aniya, “Of everything that [Batas] spat, why is it that you only notice the swear words. They always accuse him of resorting to sheer vulgarity, all the swear words. They overlooked the concepts Batas makes use of. The angles and stuff like that.”

Para naman sa battle rapper na si Allen Enriquez AKA BLKD, “Bagama’t mas natatampok sa FlipTop ang laitan at katatawanan, malay ang mga manonood na ang entertainment na nakukuha nila rito ay mula sa husay ng mga emcee sa pagpili ng mga salita, sa paghabi ng mga linya, sa pagtutugma. Kahit papaano, nakakaimpluwensya ito sa ilang mga kabataang mag-aral sa wika, sa musika, sa pagtatanghal.” Tinatawag na emcee o MC—pinaikling “Master of Ceremonies”—ang mga rapper o artistang may angking kakayahan sa pagtatanghal (“How to Rap: The Art & Science of the Hip-Hop MC” xii).

### Minulan ng “Utak Mo May COVID”

Nagmula ang “utak mo may COVID” sa nauna’t matagal nang ekspresyong pang-insulto na ni-repackage at ini-update sa panahon ng pandemya, nang

kagyat na makaugnay sa mga miyembro ng itinuturing na komunidad ng mga kabataan sa social media. Halaw ito sa ekspresyong “utak mo may ubo.”

Ilang taon nang ginagamit ng mga nagta-trash-talk sa social media ang “utak mo may ubo.” Ginamit na rin itong teksto sa sari-saring meme. Halimbawa nito ang paglalangkap nito sa meme ng isang pusang nakanganga, na tila hindi makapaniwala, sa paskil ng SHEET-POSS. ♪ noong 19 Hunyo 2020. Gayundin sa Retro Wave '80s meme na ipinaskil ng isang Wag Ban Soraka sa *Facebook* noong 30 Marso 2020.

Tunghayan naman ang tula ni Sisa Maharlika na ipinaskil niya sa kaniyang Facebook account noong 16 Setyembre 2020:

#### UTAK MO MAY UBO

dila’y nangangati’t tainga’y dayukdok  
sa mata ng iba’y nanukala para sa ihahapag—  
siyensiya’t batnayan ay paglapitin gaya ng  
duyog  
sa pagliwanag at sakupan ng dilim;  
maghahamok.

tila utak ay natuyo nang lumapat ang daliri.  
retorta’y walang sustansiya: malamya,  
masagwa!  
talsik ng laway na bulastog; puros pag-aaglahi!  
bukal ng debate ‘di mawari kung sa’n ang uwi.

bulwas ay bulok na hinalo sa bunton ng  
kadalisan  
prinsipyong bayrus na naglayag mula sa  
masasal.  
pinagpiyestahang matiyag—walang  
katotohanan!  
puro putak! pinalingas lamang pagiging  
mulala’t balbal!

betsin kaysa asin ang kinaadikan ng diwa.  
pinalawig ang mga inulat na tuyot sa tinta’t  
laman ay salat.  
hinihipan lamang ang sininding sinag ng  
paunawa,  
at heto’t gitnang daliri lamang ang tugon at  
nilapat.

*“Dahil ‘di kailangang patunayan ang sarili  
sa taong ang pinangungusap lang ay  
gitnang daliri.” — Glock 9*

Noong Hunyo 2020, ipinaskil ng isang Menchinelas sa *reddit* ang isang soundbyte tungkol sa pahayag ni DJ Loonyo sa isang video nang mapagkamalan nitong mass vaccination ang mass testing. Sa nasabing paskil, ang caption ay “May ubo ata utak ni kuya.” Mababasa ang mga kasingkahulugan ng ekspresyon. Halimbawa nito ang mga sumusunod: “sobrang kitid ng utak” (LecheKaFlan) at “kitid” (hiyohelios); “Battle of the Brainless” ([deleted]); “stupid” (EnemaoftheState1); “katangahan” (ikhaizen); at, “kulang sa sustansya ang utak” (jayvil). Maihahambing ito sa mga naglagay ng caption na “utak mo may COVID” sa ni-retweet na pang-uuyam ni iskolarspeaks sa *Twitter* noong Setyembre 2020, gaya ng mga sumusunod: “wala nga workout sa brain” (badunkadunk4); “bugok” (thatkylekidd); “empty u-know-what” (divbautista); “wala(ng laman a)ng utak” (egosumnatrix, iamdeeeeeej, at KotseB); “bobo” (ian\_sksks21, drrlddpn, ECamarador, LRie\_sunako, 10gxz, kbbbnacar, Jhanny2, at maricor\_jamila); “nasa braso ang utak” (DrackzM); “maliit/lumiit/nag-shrink ang liit ng utak” (rapcstrchardbarts, greyxxu, Pangit386, sunnyV30, GailOrante, zN3rboy, at \_ljtrrlzaaa); “tanga/katangahan” (antukingsulgeh, jaaameeees, judyladyinred, junjaysnm, at VictoriaSparkss); “na lockdown din ata yung utak” (4leafclov3rr); “ka kalas ba nimog utok” (Labradoog); at, “may ubo utak” (Arsrrccn\_). Binanggit pa ni iskolarspeaks na “For a second I thought this was DJ L0onyo.”

Ginamit din ang ekspresyon bilang teksto sa meme na may larawan ni Attorney Koko Pimentel, gaya ng paskil ni Jay Jay sa *Facebook* noong 21 Hulyo 2020, bilang panlilibak sa nasabing senador. Matatandaang umani ng puna ang senador nang dalhin niya sa Makati Medical Center noong 24 Marso 2020 ang kaniyang buntis na asawa, habang naghihintay ng resulta ng kaniyang swab test mula sa Research Institute of Tropical Medicine (RITM). Nang gabing iyon, umamin sa publiko si Pimentel na nakatanggap siya ng balita sa RITM, para kumpirmahing positibo siya sa COVID-19, at nagpa-swab test siya noong 20 Marso 2020. Naglabas ng opisyal na pahayag ang ospital kinabukasan na nilabag ng senador ang Infection Control Protocols ng Makati Medical Center Delivery Room.

Ngunit madadalumat ang kauna-unahang gumamit ng ekspresyon sa isang freestyle battle ng mga battle rapper na taga-Olongapo, Zambales, na ipinaskil sa *YouTube* noong 14 Mayo 2009. Isa sa mga bara ni

|                                      | May direktang pagbanggit sa<br>“utak”                                                                                                                                                                     | May kaugnayan sa kawalan ng<br>kakayahan ng utak na mag-isip |
|--------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------|
| <i>Mga komento kay Menchinelas</i>   | sobrang kitid ng utak, kitid, Battle of the Brainless, kulang sa sustansya ang utak                                                                                                                       | stupid, katangahan                                           |
| <i>Mga komento kay iskolarspeaks</i> | wala nga workout sa brain, empty u-know-what, wala(ng laman a)ng utak, nasa braso ang utak, maliit/lumiit/nag-shrink ang liit ng utak, na lockdown din ata yung utak, a kalas ba nimog utok, may ubo utak | bobo, bugok, tanga/katangahan                                |

**Pigura 4:**

Paghahambing sa mga pang-insultong komento sa mga paskil nina Menchinelas at iskolarspeaks

Alpha Taktikah, bilang pamukol sa kalaban niyang si Dagtang Lason, ang “Yung chicks mo kase yung utak may ubo.” Nag-viral ang video at ngayon ay umabot na ng mahigit 741 libong views. Na-pick-up ito ng mga nakapanood, ipinaskil sa comments section ng video, at ipinakalat sa iba pang platform sa social media.

Sa loob ng maraming taon, bukod sa “utak mo may COVID,” naging popular din ang mga sumusunod na deribasyon: “utak mo may cough,” “utak mo may lagnat,” “utak mo may plema,” at “utak mo may sipon.”

### Mga Semantikal na Kahulugan

Semantikal na ang mga talâ sa *Urban Dictionary* para sa COVID. Una, ang “Covid” ay “a derogatory term for a child conceived during the COVID-19 pandemic.” Pangalawa, ang “Covid” ay “to believe blatant lies from established authorities for the sake of self preservation to the point of looking ridiculous.” Pangatlo, ang “Covid” ay “a unit of measurement equal to six feet. Similar in concept to a cubit. Derived from the request to remain six feet apart during the 2020 COVID-19 pandemic. Useful for making observations like, ‘he’s at least one covid tall,’ ‘my ceiling is a covid and a half high,’ or ‘we buried him one covid deep.’” Pang-apat, ang “Covid,” bilang koda para sa “wearing a mask and gloves.” Panlima, ang “COVID” bilang pantukoy sa “some mass serial killer who has no respect for people, provokes Karens to buy all the freaking toilet paper in the stores.” At, pang-anim, ang “COV-ID” bilang daglat ng “Corona Virus Identification.”

Magkakalapit naman ang kahulugan at kapaniwalaan ng mga kataga at talinghagang ginagamit sa Pilipinas,

Malaysia, at Indonesia. Ang utak ay *otak* sa wikang Bahasa ng Malay. Paliwanag pa ni Roberto E. Javier, Jr., “kung nasa talinghaga ang hindi malinaw mag-isip, sa Filipinas ay kulang-kulang ang utak (kulang sa pito, sobra sa walo) at sa Malaysia ay *otak kurang* (hindi malusog na isipan). Sa mga Pilipinong Kapampangan, ang mesling ay *mereng* (nakakiling) sa mga Malay na ang kahulugan ay isip-bata” (“Damdamin, Daing, at Dalangin: Karamdaman at Kalooban sa Sikopatolohiya ng Filipino” 73). Samantala, ang idyomang “kalog ang utak” ay *utaknja miring* sa Bahasa Indonesia. Sa literal na kahulugan “nakahilis o tagilid ang utak,” o wala sa tamang lugar (Ruzui 149).

Napalawig pa ni Lolit Solis ang ekspresyong “utak mo may COVID.” Sa kaniyang kolum na *Startalk*, ginamit niya ang pamagat na “Bashers parang na-virus na ang utak.” Aniya, sa mga nababasa niyang “basher at troll, naisip ko baka iyon coronavirus hindi sa lungs pumasok kundi sa utak nila.” Babala pa niyang “Sa palagay n’yo pag nag mura kayo at gumamit ng masasakit na salita matatakot si coronavirus sa inyo? Baka nasa utak nyo na siya, kaya ingat ingat. Mahirap masira ang ulo sa mga bagay na hindi naman importante.”

Ngunit hindi na lamang isang ekspresyon ang “utak mo may COVID.” Narito ang ulat ng *ABS-CBN News* noong 21 Setyembre 2020:

Hindi lang бага ang pinupuntirya ng novel coronavirus, maari rin nitong pasukin ang utak na nagdudulot ng sintomas gaya ng delirium at confusion, ayon sa isang pag-aaral ng mga eksperto mula sa Yale University.

Ilang sintomas na konektado sa utak pa ang naitala sa ibang pasyenteng may COVID-19. Gaya ng isang pasyente mula sa United Kingdom na nakaranas ng hallucination at nakakita umano ng leon at unggoy sa kaniyang bahay, ayon sa pag-aaral na inilathala naman ng *Brain journal*.

Walang rekord ng mental illness ang nasabing pasyente. Batay sa mga pag-aaral ng Yale University, dumarami ang mga kaso na nakaaapekto ang COVID-19 sa central at peripheral nervous system ng tao. Kapag napasok ng coronavirus ang utak ng isang tao, aatakihin at papatayin nito ang malusog na brain cells, para lalo pa silang dumami. Aagawin ng coronavirus ang oxygen ng masisiglang cells, kaya namamatay ang mga ito, na magdudulot ng komplikasyon sa central nervous system. Ayon naman sa isang doktor sa Johns Hopkins University, may 40% hanggang 60% ng mga pasyente ang nakararanas ng neurological o psychiatric symptoms.

Noong 2 Oktubre 2020, ipinakalat naman ng *Agence France-Presse* ang artikulo tungkol sa isang babae sa Estados Unidos, na nagpa-COVID-19 nasal swab test. Ayon sa ulat, natusok ng swab ang lining ng kaniyang utak, na naging dahilan ng pagtagas ng likido sa kaniyang ilong. Nagpa-test ang babae bago siya sumailalim sa isang elective hernia surgery. Sa insidenteng ito, ang proseso pa lamang ng pagte-test ay "nakasira" na sa utak ng tao.

## KONGKLUSYON

Ang wika ay isang panlipunang penomenon, ayon kay Campoamor, kaya napakahalagang ikawing sa lahat ng pagkakataon ang usaping wika at ang pag-aaral nito sa tunggalian ng mga uri. Sa mga makabagong siyentipikong paraan ng pagpapanahon, natuklasan na nauna ang mga kagamitan sa paggawa, kaysa mga taong nakapaglalakad nang nakatayo at may mas malalaking utak na hudyat ng kakayahang makapagsalita. Ang kakayahang ito na makipagkomunika sa pamamagitan ng wika ang siyang tumutukoy sa ating pagiging tao (kumpara sa hayop, batay sa Lingguwistika) sa tinagal-tagal ng panahon. Wika ang nagbigay sa atin ng kapangyarihan ng kamalayan ("Mga Tala hinggil sa Papel ng Tunggalian sa Pilosopiya ng Wika at Araling Wika" 49–50).

Ang palitang lingguwistiko, isang relasyon ng komunikasyon sa pagitan ng isang tagapagsalita at tagatanggap, ay isa ring palitang pang-ekonomiya, na nabuo sa loob ng isang tiyak na simbolikong relasyon ng kapangyarihan sa pagitan ng isang tagalikha, na pinagkalooban ng ilang lingguwistikong kapital, at isang tagakonsumo (o merkado), at may kakayahang bumili ng isang partikular na materyal o simbolikong tubo. Ang mga sinulti ay hindi lamang mga senyas na kailangang maintindihan at matukoy (*deciphered*), ang mga ito rin ay *mga senyas ng yaman*, na sinadya para suriin at pahalagahan, at *mga senyas ng autoridad*, na sinadya para paniwalaan at sundin (Bourdieu 66).

Ang mga lingguwistikong sinulti o ekspresyon ay laging nalilikha sa partikular na mga konteksto o merkado, at ang mga pag-aari ng mga merkadong ito ay nagkakaloob ng mga lingguwistikong produkto nang may tiyak na "halaga." Magkakaiba ang dami ng "lingguwistikong kapital," o ang kapasidad na lumikha ng mga ekspresyong *à propos, para* sa isang partikular na merkado. Ang distribusyon ng lingguwistikong kapital ay may kaugnayan sa mga tiyak na paraan sa distribusyon ng iba pang uri ng kapital (pang-ekonomiyang kapital, pangkulturang kapital, at iba pa) na nagtitiyak ng lugar ng isang indibidwal sa loob ng espasyong panlipunan (Thompson kay Bourdieu 18).

Madalang sa pang-araw-araw na buhay na ang pakay ng wika ay maging dalisay na instrumentong pangkomunikasyon (Bourdieu 66). Sa konteksto ng battle rap, ang pangunahing layunin ng battle discourse ay negosasyon sa respeto at estado poder. Ang pakay nito ay dominasyong berbal at panghihiya sa kalaban para ibaba ang kanilang estado at iangat ang sarili (Fitzpatrick 17).

Malinaw naman ang distinksiyon ng katawan at utak, diin ni Rolando Tolentino,

"dahil ang pinag-uusapan ay ang katawang may kumpiyansang kagyat na natatanaw, ang purong pisikalidad na pumapaimbabaw sa utak at intellect. Ang kabataang katawan ang purong pisikalidad dahil sa propesyonalisasyon ng buhay, maari pang pribilehiyadong bahagi lamang ng katawan ang matampok (boses o utak), pero ang katawan ay kabuuang katawang parating binibigyang-balwasyon sa kapitalistang mundo" (73).

Kaya, ang ekspresyong "utak mo may ubo/COVID," gaya ng iba pang idyoma tungkol sa (mahinang) utak

na nabanggit sa itaas, ay tumutukoy sa kawalan ng talino, kamangmangan, at kakulangan sa edukasyon ng pinatutungkulan. Sabihin pa, inaangat ng nagsasalita ang kaniyang sarili nang higit sa kaniyang binabargas.

Hindi lamang hinihingi na malikhain, napapanahon, at nakaayon ang dalawang ekspresyon sa kakayahan ng mga tagatanggap na umintindi at tumugon. Gaya ng battle rap, trash-talk-an, at iba pang anyo ng pambabargas, marubdob at labis-labis ang esensiya ng mga ito para ipakita ang pangingibabaw ng kapangyarihan laban sa iniinsulto at iba pang makasasagap nito.

Higit pa, kung susuriin ang transisyon ng ekspresyon mula sa “utak mo may ubo” patungo sa “utak mo may COVID,” hindi lamang makikita ang kakayahan ng mga Pilipino sa social media na makibagay at umangkop sa mga pangyayari sa lipunan. Hindi lamang ito reaksiyon sa pandemya at sa pangangailangang isailalim sa quarantine. Ipinapamalas din nito na: (1) gaya ng ubong lumala at naging COVID-19, lumalala rin ang tugon ng gobyerno sa pandemya at (2) tumitindi rin ang balitaktakan sa social media. Nakikialam na ang kabataan at tumataas na ang kanilang antas ng pampolitikang kamalayan, sa kabila ng pagkakabartolina sa loob ng kani-kanilang bahay, gawa ng lockdown. Ginamit ang ekspresyon bilang kritisismo sa mga opisyal ng gobyerno, may kaugnayan man sa COVID-19 o sa iba pang usaping nakaapekto sa sambayanan, gaya ng landgrabbing, brain drain, pagnanakaw sa kaban ng bayan, at iba pa.

## TALASANGGUNIAN

- “Coronavirus, pinupuntirya rin ang utak: pag-aaral.” *ABS-CBN News*. 21 Set. 2020. Web. 26 Set. 2020.
- “Covid.” *Oxford English Dictionary*. Ika-3 ed. Hul. 2020. Web. 26 Set. 2020.
- “Covid.” *Urban Dictionary*. Web. 26 Set. 2020.
- “July 2020 update: scientific terminology of Covid-19.” *Oxford English Dictionary*. Hul. 2020. Web. 26 Set. 2020.
- “Metro Manila.” *Google Trends*. Web. 24 Ago. 2021.
- “Philippines.” *Google Trends*. Web. 24 Ago. 2021.
- “Naming the coronavirus disease (COVID-19) and the virus that causes it.” *World Health Organization*. Web. 26 Set. 2020.
- “Peenoise.” *Urban Dictionary*. Web. 26 Set. 2020.
- “sinulti.” *English to Binisaya - Cebuano Dictionary and Thesaurus*. Web. 15 Okt. 2020.
- “Symptoms of Coronavirus (COVID-19).” *Centers for Disease Control and Prevention*. 21 Hul. 2020. Web. 26 Set. 2020.
- “Trash talk.” *Merriam-Webster.com Dictionary*. Web. 26 Set. 2020.
- “Trash-talk.” *Cambridge Advanced Learner’s Dictionary & Thesaurus*. Web. 26 Set. 2020.
- “Updates on Novel Corona Virus (COVID-19).” *World Health Organization*. 31 Ene. 2020. Web. 26 Set. 2020.
- “What is the difference between ‘cerebro’ and ‘seso’?” *StackExchange*. Set. 2018. Web. 26 Set. 2020.
- 50uljah. “olongapo freestylarz.” *YouTube*. 14 May. 2009. Web. 26 Set. 2020.
- Agence France-Presse*. “COVID-19 test caused brain fluid leak in US patient with rare condition.” *Manila Bulletin*. 2 Okt. 2020, Web. 16 Okt. 2020.
- Anderson, Clifford R. *Bagong Patnubay sa Kalusugan*. Maynila: Philippine Publishing House, 1977. Print.
- Angeles, Jose Ibarra. “Ang mga Agila at ang mga Manok.” *Sagisag* 2–3 (1976): 33–45. Web. 24 Ago. 2021.
- Angeles, Mark Anthony. *Digitanagà: Paghahanap at Pagbubuo sa Bayan sa 100 Tanagà, Batay sa 100 Idyoma/ng Filipino sa Facebook (2015–2019)*. 2020. Maynila: Unibersidad ng Pilipinas Diliman, MA Thesis. Hindi pa nalalathala.
- . “Isang Istorikong Pagdalumat sa Fliptop para sa mga Guro ng Kulturang Popular.” *PANDIWA: Lathalaan para sa Wika at Kultura, Hulagway ng Filipino* 4.2 (2016): 81–98. Print.
- Basilio, Marlon. “7 Most Common Types of Toxic Players in DotA 2 and How to Deal with Them.” *Daily Esports*. 14 Abr. 2017. Web. 26 Set. 2020.
- Bourdieu, Pierre. *Language and Symbolic Power*. Ed. at intro John B. Thompson; Salin Gino Raymond at Matthew Adamson. Cambridge: Harvard University Press, Polity Press, 1991. Print.
- Buenaventura, Ligaya C. *Diksiyonaryong Pilipino–Pilipino*. Makati: Goodwill Trading Company, 1982. Print.
- Campoamor, Gonzalo A., II. “Mga Tala hinggil sa Papel ng Tunggalian sa Pilosopiya ng Wika at Araling Wika.” *LAGDA* 10.1 (2015): 39–72. Web. 24 Ago. 2021.
- Concepcion, Gerard Panggat. “Hinggil sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Internet: Ilang Panimulang Tala Para sa Pangangasiwang Pangwika.” *HASAAN* 3.1 (2016): 93–112. Web. 24 Ago. 2021.
- Dancel, Raul. “Philippines now a coronavirus epicentre even as it plunges into recession.” *The Straits Times*. 7 Ago. 2020. Web. 26 Set. 2020.
- Edwards, Paul. *How to Rap: The Art & Science of the Hip-Hop MC*. Chicago: Chicago Review Press, 2009. Print.
- Enriquez, Allen. Personal na panayam. *Facebook*. 14 Peb. 2014. Web.
- Faireclough, Norman. *Discourse and Social Change*. Cambridge: Polity Press, 1992. Print.
- Finegan, Edward. *Language: Its Structure and Use*. Ika-5

- ed. Belmont: Thomson Wadsworth, 2008. Print.
- Fitzpatrick, James Michael. *What's Beef: Discourse Practices of Battling in Hip Hop Language*. 2005. North Carolina State University, MA Thesis. Hindi pa nalalathala.
- fliptopbattles. "Ano Talaga ang FlipTop (What is FlipTop)? | FlipTop EPK 2010." *YouTube*. 17 Ago. 2020. Web. 26 Set. 2020.
- Geddes, Linda. "What is a 'persistent cough' and what should I do if I have it?." *The Guardian*. 21 Set. 2020. Web. 26 Set. 2020.
- Georgalou, Mariza. *Discourse and Identity on Facebook*. Bloomsbury Academic, 2017. Print.
- Gledhill, Christopher. "Towards a Description of English and French Phraseology." *Langue and Parole in Synchronic and Diachronic Perspective: Selected Proceedings of the XXXIst Annual Meeting of the Societas Linguistica Europaea, St. Andrews, 1998*. Ed. Chris Beedham. Oxford: Pergamon, 1999. 221–237. Print.
- Gregorio, Kaysee. "eh ikaw lang naman tong mahilig." *Facebook*. 2 Hun. 2020, Web. 26 Set. 2020.
- Hatim, Basil, at Ian Mason. *Discourse and the Translator*. London/New York: Longman, 1990. Print.
- Hine, Christine. "Virtual Ethnography: Modes, Varieties, Affordances." *The SAGE Handbook of Online Research Methods*. Eds. Nigel G Fielding, Raymond M Lee, at Grant Blank. London: SAGE, 2008. 258–270. Print.
- Ignatius, Joe Sanjay, at Ma. Regina M. Hechanova. "Internet Usage from a Generational Perspective." *Philippine Journal of Psychology* 47.1 (2014): 133–152. Web. 24 Ago. 2021.
- isko. "Sayang walang workout para sa utak bro." *Twitter*. 19 Set. 2020. Web. 26 Set. 2020.
- Javier, Roberto E., Jr. "Damdamin, Daing, at Dalangin: Karamdaman at Kalooban sa Sikopatolohiya ng Filipino." *Malay* 28.2 (2016) 57–76. Web. 24 Ago. 2021.
- Jay Jay. "UTAK MO (utak) MAY UBO (tulo laway)." *Facebook*. 21 Hul. 2020. Web. 26 Set. 2020.
- Jørgensen, Marianne at Louise Phillips. *Discourse Analysis as Theory and Method*. London: SAGE Publications, 2020. Web. 26 Set. 2020.
- Lyons, John. *Linguistic Semantics: An Introduction*. Cambridge: Cambridge University Press, 1995. Print.
- Madarang, Catalina Ricci S. "Philippines enters list of top 20 countries with COVID-19 despite more than 200 days of lockdown." *interaksyon*. 2 Okt. 2020. Web. 15 Okt. 2020.
- Makati Medical Center. "Senator Aquilino Martin Pimentel III breached." *Facebook*. 25 Mar. 2020. Web. 26 Set. 2020.
- Matthews, P.H. *The Concise Oxford Dictionary of Linguistics*. Ika-2 ed. Oxford: Oxford University Press, 1997, 2007. Print.
- Mel'čuk, Igor. *Semantics: From Meaning to Text*. Ed. David Beck at Alain Polguère. Amsterdam: John Benjamins Publishing Company, 2012. Web.
- Menchinelas. "May ubo ata utak ni kuya." *reddit*. Hun. 2020. Web. 26 Set. 2020.
- Merez, Arianne. "President Rodrigo Duterte extended the period of the state of calamity until Sept. 12, 2021 through Proclamation No. 1021." *ABS-CBN News*. 18 Set. 2020. Web. 26 Set. 2020.
- Narvaez, Eilene Antoinette G. "Isang Gabay sa mga Salitang Kaugnay ng COVID-19." *Google*. Web. 26 Set. 2020.
- Nuncio, Rhoderick V., at Elizabeth Morales-Nuncio. *Sangandiwa: Araling Filipino Bilang Talastasang Pangkalinangan at Lapit-Pananaliksik*. Maynila: University of Santo Tomas Publishing House, 2004. Print.
- Ruzui, Septy. *A Survey of Relations Between Indonesian, Malay and Some Philippine Languages [Siri pengetahuan bahasa dan sastra, D(ewan) B(ahasa dan) P(ustaka), bil. 17*. Kuala Lumpur: Dewan Bahasa dan Pustaka, 1968. Web. 24 Ago. 2021.
- Sabillo, Kristine, at Raphael Bosano. "ALAMIN: Kahulugan ng pagdeklara ng WHO sa COVID-19 bilang 'pandemic'" *ABS-CBN News*. 12 Mar. 2020. Web. 26 Set. 2020.
- San Jose, Francisco Blancas de. *Arte y reglas de la lengua Tagala*. Bataan: Tomas Pinpin, 1610. Web. 24 Ago. 2021.
- Schiffrin, Deborah. *Approaches to Discourse*. Oxford: Blackwell Textbooks in Linguistic, 1994. Print.
- Seriously?. "ako may iba? utak mo may covid19." *Facebook*. 18 May. 2020. Web. 26 Set. 2020.
- SHEET-POSS. "Utak mo may ubo!" *Facebook*. 19 Hun. 2020. Web. 26 Set. 2020.
- Sisa Maharlika. "UTAK MO MAY UBO." *Facebook*. 16 Set. 2020. Web. 26 Set. 2020.
- Solis, Lolit. "Bashers parang na-virus na ang utak." *Startalk, Pang-Masa*. 24 Mar. 2020. Web. 26 Set. 2020.
- Tolentino, Rolando B. "Kabataang Katawan, Mall at Siyudad: Mga Tala sa Gitnang Uring Karanasan at Neoliberalismo." *Philippine Humanities Review* 14. 2 (2012) 67–75. Web. 24 Ago. 2021.
- . "Literasing Midya." *Katipunan* 1.1 (2016): 1–18. Web. 24 Ago. 2021.
- UP Diksiyonaryong Filipino. Ed. Virgilio S. Almario. Lungsod Quezon: UP Sentro ng Wikang Filipino; Pasig: Anvil Publishing, Inc., 2001. Print.
- Wag Ban Soraka. "Utak mo may ubo!!" *Facebook*. 30 Mar. 2020. Web. 26 Set. 2020.
- WIPCAPS. "WIP :: ANYGMA." *YouTube*. 21 Ene. 2014. Web. 26 Set. 2020.
- Zafra, Galileo S. "Ang Pagtuturo ng Wika at Kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino (Konteksto ng K-12)." *Katipunan* 1 (2016): 1–26. Web. 24 Ago. 2021.